

MULA SA EDITOR

May limang artikulong kabilang sa isyung ito. Muli, tulad ng dati, ay galing ang mga ito sa iba't ibang larangan bilang bahagi ng layunin ng Journal na magbigay ng isang malawak na forum sa pagtalakay ng mga isyung nagbibigay-hugis sa nagsasalabat na mga disiplinang kinabibilangan ng maraming iskolar.

Tinitingnan ng artikulong “Performing Cosmopolitan Entanglement in the Philippine *Pista*: The Case of the Sariaya *Agawan* Festival” nina Shirley V. Guevarra, Corazon F. Gatchalian, at Sir Anril P. Tiatco ang pista bilang pagtatanghal ng magkakambal na konsepto ng tinatawag nilang “cosmopolitanism” (isang pulitikang global na naniniwalang may pinagkakaisahang pananaw ang iba't ibang grupo) at “entanglement” (sala-salabat na estrukturang kultural ng pagkakawangis at pagkakaiba). Nagtuon ang pag-aaral sa proseso ng paghahanda ng pagkain upang siyasin kung paanong pinahihintulatang sumanib ng tinatawag na “local” ang kanilang itinakdang kultura sa kultura ng tinataguriang “nonlocal” nang walang nagaganap na pagkabahalang panlipunan na siyang madalas na pinatutunguhan ng mga katulad na prosesong kultural. Mahalaga ang pag-aaral sa pagpapalalim ng ating pag-unawa sa mga paniniwala at gawain tungkol sa pagkain, sa mga kondisyong nagluluwal ng mga ganitong gawain, at sa mga kontextong panlipunang iniinugan ng artikulasyon ng mga pananaw at gawaing ito.

Sinuri ni Louward Allen Zubiri ang mga luma at bagong diksyunaryong Bikol sa artikulong “Some Notes and Critiques on Select Lexicographic Texts in Bikol” upang mailatag ang isang batis ng mga pagbabago ng wikang Bikol. Inaasahang ang ganitong pananaliksik ay makapag-aambag sa pagbubuo ng bagong diksyunaryo ng wikang ito.

Sa artikulong “Teacher’s Interaction Styles during Sociodramatic Play that Promote Reading and Writing among Preschoolers,” pinag-aralan ni Excelsa C. Tongson ang iba't ibang paraan ng interaksyon ng mga guro sa mga preschooler sa kanilang pagtuturo ng pagsulat at pagbasa na nakapaloob sa kontexto ng laro. Ipinakikita ng pag-aaral na ang paglikha ng iba't ibang sitwasyong maaaring maganap sa tunay na buhay at ang pagpasok ng guro at ng kanyang mga mag-aaral sa nilikhang sitwasyon ay isang pamamaraang panturo na mahalagang maging bahagi ng kurikulum ng preschool education. Nagbibigay ito ng magandang pagkakataon na magtulungan ang guro at mag-aaral na unawain ang maraming bagay at kung paano nila ito kapwa haharapin sakaling maharap sa mga ganitong sitwasyon.

Malaking bagay ito sa pagtulong sa mga bata na kilalanin ang kanilang mga sarili, kung paanong makitungo sa kapwa, at alamin ang kanilang papel sa lipunan.

Mahalaga ang artikulong “Factors Affecting Fertility Desires in the Philippines” nina Clarissa C. David at Jenna Mae L. Atun, dahil, ayon na rin sa isa sa mga nagrebyu ng pag-aaral, “sa pagtatampok nito sa mga gender preference [sa paghahangad na magkaanak] at pagsama sa lalaki sa pagsusuri [nito].” Hinahamon tayo ng pag-aaral na siyasatin pa nang lubos ang ilan nating mga pagpapalagay na humuhubog sa kalakhan ng ating mga patakaran sa populasyon.

Inilalarawan ng “Legitimacy Crisis and Elite Conspiracy in Local Government Administration in Nigeria” nina Eddy Akpomera at Kingsley Ufuoma Omoyibo, na siyang huling artikulo sa kasalukuyang isyu, kung paanong ginamit ng mga elite ang mga konseho ng pamahalaang lokal sa Nigeria upang higit na makapanghimasok sa mga estrukturang pulitikal ng bansa at mapatatag ang kanilang kapit sa mga kapangyarihang ekonomiko, bagay na lumalapastangan sa awtonomiya ng pamamahalang lokal at sa mga prinsipyong demokratikong nakasaad sa konstitusyon ng Nigeria. Nakapag-aambag ang pag-aaral sa pag-unawa natin kung bakit at paanong hindi nagtatagumpay ang mga bagong demokrasya na mailapit sa mga mahihirap ang saklaw ng pamamahala.

Ang larawang ginamit namin sa isyung ito ay buhat kay Dulce Amor B. Verdolaga. Pinamagatang “Grasyang Mailap,” sinasalamín ng larawan ang isang indikasyon ng antas ng kahirapan na araw-araw na nararanasan ng mga mamamayan sa bansa.

Inilalathala rin namin sa isyung ito ang pangalan ng mga kasamahan nating iskolar na nagrebyu ng mga artikulong isinumite sa Journal ngayong taong 2014. Isang paraan namin ito upang pasalamat sila sa kanilang kontribusyon sa iskolarship at pagkilala sa suportang ibinigay nila sa atin.

FROM THE EDITOR

We feature five articles in this issue, again from different fields, as part of this Journal’s aim to provide a wide forum for a dialogue of various issues that inform the networked disciplines in which most scholars work.

“Performing Cosmopolitan Entanglement in the Philippine *Pista*: The Case of the Sariaya *Agawan* Festival” by Shirley V. Guevarra, Corazon F. Gatchalian, and

Sir Anril P. Tiatco looks at the *pista* (fiesta) as a performance of the twin concepts of cosmopolitanism (a global phenomenon of a set of shared beliefs among different groups) and entanglement (a cultural web of similarities and differences). It focuses on the social preparation of food to tease out how the recognized local allow their cultural templates to overlap with those of the acknowledged nonlocal without the social tensions that usually accompany such territorial incursions. The article widens our understanding of food ways in the context of a popular culture such as the annual celebration of the *pista*, the conditions from which these food ways are generated, and the social contexts within which these are articulated.

Louward Allen Zubiri's "Some Notes and Critiques on Select Lexicographic Texts in Bikol" reviews early and recent Bikol lexica to outline a diachronic development of the language, from which scholars can draw recommendatory models in the formulation of a new dictionary of the Bikol language.

Excelsa C. Tongson's "Teacher's Interaction Styles during Sociodramatic Play that Promote Reading and Writing among Preschoolers," observes the interaction styles of teachers with preschoolers in the latter's reading and writing activities within the context of play. The research findings point to how the integration of sociodramatic play in the curriculum of preschool education fosters an environment conducive to the development of a child's learning abilities: one that provides creative avenues where the adult and the child can work collaboratively, the profound impact of which may find expression in the way a child relates to himself or herself, the people around him or her, and his or her roles in society.


The importance of "Factors Affecting Fertility Desires in the Philippines" by Clarissa C. David and Jenna Mae L. Atun, as emphasized by one of its reviewers, "lies on its focus on gender preferences and the inclusion of men in its analysis." The study's finding that fertility desires often change over a person's lifetime depending on various circumstances challenges us to question certain assumptions that have shaped the country's policies on population.

The last article, "Legitimacy Crisis and Elite Conspiracy in Local Government Administration in Nigeria" by Eddy Akpomera and Kingsley Ufuoma Omoyibo, describes how local government councils have been used by traditional elites to further entrench themselves in the country's political structures and sustain their hold on economic power, subverting the autonomy of local governance

and the democratic principles enshrined in Nigeria's constitution. The study is relevant in understanding why and how new democracies fail to bring government closer to the grassroots.

The photo on this issue's cover, "*Grasyang Mailap*" (Elusive Grace) by Dulce Amor B. Verdolaga, provides a glimpse of the level of poverty that a big number of the country's population experience every day.

In this issue we are publishing the names of the reviewers of articles submitted to the Journal this 2014. This is to acknowledge their contribution to scholarship and the support they have extended to us.



Eulalio R. Guieb III, PhD

Editor-in-Chief